NRCP RESEARCH JOURNAL

Full Paper

Pagsusuri sa mga Gawi at Paniniwalang Kapampangan Batay sa Digital na Koleksyon ni Henry Otley Beyer sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas

Wilma M. Cruz
Don Honorio Ventura State University, cruzmwilma@gmail.com

May mga umiiral na gawi at paniniwala ang mga Kapampangan tungkol sa iba't ibang aspeto ng kanilang pamumuhay. Kinakatawan nito ang mga kultura, tradisyon, at pag-uugali na maaaring batay sa mga paniniwala tungkol sa relihiyon, pananaw sa pulitika, o kumbensyonal na karunungan. Upang malaman ang mga ito, sinikap ng papel na kalapin ang mga katutubong gawi at paniniwala ng mga Kapampangan batay sa digital na sinupan ni Henry Otley Beyer sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas. Gamit ang tematikong pag-aanalisa ay kinategorya ang mga nakalap na gawi at paniniwala at kinasangkapan ang deskriptibong pamamaraan upang masuri at mailarawan ang mga ito. Sinikap na masagot sa pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan: a) Ano-ano ang mga pag-aaral na makikita sa digital na sinupan ang may kaugnayan sa mga gawi at paniniwala ng mga Kapampangan? at b) Paano mailalarawan ang mga nakalap na gawi at paniniwala ng mga Kapampangan batay sa kanilang pamumuhay? Pinagbatayan ang 24 na manuskritong naakses sa website ng Pambansang Aklatan at naitala ang iba't ibang gawi at paniniwalang may kaugnayan sa 1) kababalaghan at katatakutan, 2) kamatayan, 3) kabuhayan, 4) pananampalataya, at 5) buhay may pamilya. Sa paglipas ng panahon masasabing unti-unti nang nabubura ang mga ito kaya't mahalaga pa ring maituro lalo na sa mga kabataan upang mas makilala pa ang kanilang pinagmulan. Ang mga ganitong pananaliksik ay makapag-aambag sa pag-aaral ng lokal na kasaysayan na makapagpapatibay sa rehiyonal na pagkakakilanlan ng isang indibidwal at sa kalaunay makatutulong sa pagbuo ng ating nasyonal na identidad.

Keywords: *Henry Otley Beyer, Kapampangan, katutubo, gawi, paniniwala, kultura, tradisyon*

This work is licensed under a Creative Commons, Attribution 4.0 International License.

Article history

Received : April16, 2024
Revised : June 12, 2024
Accepted: June 18, 2024

Panimula

Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas, ang mga pangkat etnikong naninirahan noon sa iba't ibang kapuluan sa bansa ay namumuhay sa ilalim ng monokultural na kapaligiran. Ang mga pangkat etnikong ito ay tinipon ng mga mananakop sa ilalim ng isang kolonyal na teritoryo habang pinapanatili ang kani-kanilang mga nakasanayang gawi at paniniwala batay sa kanilang pangkat na kinabibilangan. Bilang resulta, ang pinagsama-samang teritoryo ay umunlad mula sa mga tribong monokultural tungo sa isang teritoryong multikultural (Demeterio, 2009). Mula sa nabanggit, makikita na hindi na bago ang mga gawi at paniniwala ng mga katutubo tungkol sa iba't ibang aspeto ng kanilang pamumuhay. Marahil ay may pagkakataong nadagdagan, napalitan o di naman kaya ay tuluyang nabago ito ng mga Espanyol at naimpluwensiyahan na rin ng iba pang mga dayuhang namalagi sa bansa. Para sa karamihan, ang mga paniniwalang ito ay nagpapakita ng gawain, kaugalian, at kakayahan na minana pa mula sa kanilang mga ninuno. Ang mga pamahiing ito ay nagkaroon ng malaking impluwensya sa buhay ng mga indibidwal lalo na sa usapin ng kultura, emosyon, tagumpay at kabiguan dulot na rin marahil ng takot na kung hindi sumunod sa mga ito ay maaaring magbunga sa isang kakila-kilabot na karanasan (Amat, 2020).

Ang mga pamahiin o paniniwala ay isang uri ng panitikan na pasalitang isinalin ng mga matatanda noong unang panahon sa mga sumunod na henerasyon. Nagpapabago ito sa sistema ng pagpapahalaga ng mga tao at maging ng kanilang kultura (Abanilla et. al, 2017). Karaniwang kinakatawan nito ang mga kaugalian, tradisyon, at pag-uugali ng isang pangkat na maaaring batay sa mga paniniwala sa relihiyon, pananaw sa pulitika, o kumbensyonal na karunungan. Marahil, ligtas ding sabihin na ginamit din ito bilang pamamaraan upang maipaliwanag ang mga kaganapan sa paligid dala na rin ng kakulangan sa kaalaman ng mga konseptong siyentipiko noong unang panahon (Lopez et. al, 2015).

Ilang pag-aaral sa mga katutubong gawi at paniniwala sa Pilipinas

Ang paniniwala sa mga pamahiin ng isang indibidwal ay masasabing hindi na maihihiwalay sa kanyang kultura at tradisyong kinagisnan. Niyakap man ng karamihan ang pagbabagong dala ng mga mananakop, malimit pa rin ang pagsunod sa mga nakagisnang pamahiin. Hanggang sa kasalukuyan, maririnig pa rin ang mga katagang *"Wala namang mawawala kung susunod ka"* bilang pagbibigay-katwiran sa patuloy na paniniwala at pagsunod sa mga nakasanayang gawi at paniniwala sa lokal na kanilang kinabibilangan (Portillo, 2022). May likas na kakayahang magsagawa ng kilos ang mga tao na sa tingin nila ay hindi magbubunga ng kasamaan at kapahamakan sa kanila (Lopez et. al, 2015). Maliban pa rito, kitang-kita sa mga Kristiyano ang tinatawag na "katutubong Katolisismo" o "katutubong Kristiyanismo," na ilang taon nang tinatalakay ng mga antropologo. Apat na daang taon na ng Kristiyanisasyon, Kanluraning kolonyal at post-kolonyal na impluwensya ang dumaan sa mga Pilipino ngunit hindi pa rin tuluyang nabura ang marami sa mga gawi at paniniwala ng mga katutubo (Go, 1979).

May iilang pag-aaral ang tumalakay na sa mga gawi at paniniwala ng mga katutubong pamayanan sa Pilipinas. Siniyasat na ang mga prekolonyal na kaugaliang reproduktibo ng mga Bisaya (Wong at Ubaldo, 2020), ang tradisyon at paniniwala ng mga katutubong Badjao batay sa kanilang mga katawagang kultural (Solis, 2022), ang mga gawi at paniniwala tungkol sa kamatayan ng mga taga-Tacloban (Amat, 2020b) at taga-Ifugao (Amtalao at Demeterio, 2019), ang mga karaniwang pamahiin sa pagkakasakit ng mga Taclobanon (Amat, 2020a), at ang mga paniniwala tungkol sa katatakutan at kababalaghan (Derain, 2021). Inalam na rin kung ang mga nakasanayang gawi at paniniwala ng mga katutubo ay nananatili at umiiral pa rin hanggang sa kasalukuyan (Lopez et. al, 2015).

Sa pagbabasa ng mga pag-aaral na ito, mapatutunayan na bawat lugar sa Pilipinas ay may mga pamahiing sinusunod batay sa tiyak na aspeto ng pamumuhay ng mga katutubo at batay na rin sa lokal na kanilang kinabibilangan. Sa paghahanap pa ng mga ganitong uri ng pananaliksik, napag-alaman na may kakulangan pa sa pagtalakay ng mga ganitong paksain kaya't hindi pa lubusang naipakikilala, lalo na sa mga kabataang kabilang sa kasalukuyang henerasyon, ang mga nakasanayang gawi at paniniwala ng mga katutubo. Sa pagkakataong hindi na ito naipakilala sa kanila,

unti-unti nang malilimutan ang mga ito at tuluyan nang mabubura sa ating kultura. Bilang tugon sa natuklasang kakulangang ito, sinikap na makapag-ambag ang kasalukuyang papel sa pamamagitan ng pagsusuri at paglalarawan sa mga gawi at paniniwala ng mga Kapampangan bilang sila ay kabilang sa mayoryang pangkat-etniko ng Pilipinas.

Ilang pag-aaral tungkol sa kultura at tradisyong Kapampangan

Isa ang Pampanga sa mga unang lalawigang naitatag sa Pilipinas ng mga Espanyol noong 1571 (Pampanga, n.d). Ang pangalan nito ay hango sa salitang "pampang" na nangangahulugang dalampasigan. Matatagpuan sa bahaging hilaga ng lalawigan ang Tarlac at Nueva Ecija, sa silangan naman ang Bulacan, sa kanluran ang Bataan at Zambales, samantalang sa timog-silangan naman matatagpuan ang Look ng Maynila (Gambito, 2017). Makikita sa Pigura 1 ang politikal na mapa ng nasabing lalawigan.

Pigura 1. Politikal na Mapa ng Pampanga

Note. Ang politikal na mapa ay orihinal na iginuhit ni Cruz (2024).

May mga kaugnay na pag-aaral, aklat at babasahing nakalimbag na tungkol sa Pampanga. Isa sa mga mahalagang aklat na naglalaman ng mga mahahalagang terminong Kapampangan, kasama na ang tungkol sa kultura at tradisyon, ay ang Diksyunaryo ni Fray Diego Bergaño. Nakita na ang unang diksyunaryong nabuo ni Bergaño ay ang *Arte de la Lengua Pampanga* na nailimbag noong 1729 habang ang ikalawa ay ang *Bocabulario de Pampango en Romance y Diccionario de Romance en Pampango*, na unang nailimbag noong 1732 at muling inilimbag noong 1860 na may titulong *Vocabulario en la Lengua Pampanga* (Tantingco, 2007). Karamihan sa mga salitang-ugat na nakatala rito ay hindi lamang pumapatungkol sa relihiyon, kundi pati na ang mga terminolohiyang ginagamit ng mga Kapampangan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay na may kaugnayan sa kanilang kultura at tradisyon.

Tiningnan na rin sa iba pang mga pag-aaral ang pinagdaanan ng lalawigan sa kamay ng mga mananakop (Larkin, 1967), ang ilan sa mga katutubong literatura (Zapanta-Manlapaz, 1976; Mallari, 2009), ang pagsilip sa isang uri ng panata at pagtatanghal tuwing Mahal na Araw sa San Fernando Pampanga na tinatawag na Tira Bakal (Alfonso, 2016) at iba pang mga pangrelihiyong kultura (Yabut, 2013; Dela Cruz at Manarang, 2020). May ilan na ring tumalakay sa mga kasaysayang buhay ng mga tagapagsulong ng kultura at tradisyong Kapampangan tulad ni Mariano Henson (Ramos II, 2018). Mababasa rin ang mga pag-aaral tungkol sa pagkain bilang ang mga Kapampangan ay kilala sa pagiging metikuloso pagdating sa panlasa. Inalam ni Quito (1993) ang ugnayan ng pagkain at kultura, samantalang ginalugad naman ni Espada (2019) ang mga terminong Kapampangan na nakatala sa Diksyunaryo ni Fray Bergaño.

Sa pagbabasa ng mga naitalang aklat at pag-aaral ay masasabing may sarili na ring paraan ng pamumuhay at natatanging pagkakakilanlan ang mga Kapampangan (Mallari, 2009). Sa katunayan, ang mga kultural at tradisyunal na kasanayang ito ay pinagtuonan na rin ng pansin noon ng mga iskolar at mga nagpakadalubhasa sa Etnograpiya at Antropolohiya. Sa kasalukuyan na masasabing may kakulangan sa pagsiyasat ng mga katutubong paniniwala, malaking tulong ang mga nagawang pag-aaral na ito upang balikan at muling mailarawan ang mga katutubong gawi at paniniwalang Kapampangan na maaaring natakpan na ng makabagong panahon at unti-unti nang nabubura sa kasalukuyan.

Ilang pag-aaral tungkol kay Henry Otley Beyer at sa kanyang Koleksyon

Si Henry Otley Beyer ang kinilalang Ama ng Antropolohiyang Pilipino. Ipinanganak siya sa Lungsod ng Edgewood, Iowa, sa Estados Unidos noong ika-13 ng Hulyo 1883. Natamo niya ang kanyang Batsilyer at Master sa Sining sa Unibersidad ng Denver sa Colorado at nagtungo sa Pilipinas noong 1905. Sa pamamalagi niya sa bansa, makikita na siya'y naglaan ng mahabang panahon ng kanyang buhay upang alamin at siyasatin ang mga kulturang katutubo sa Pilipinas. Ito'y nagsilbing

daan upang mabuo ang isang etnograpikong koleksyon na naglalaman ng 150 bolyum ng mga impormasyon patungkol sa mga katutubo ng Luzon, Visayas, Mindanao, at Arkipelago ng Sulu mula 1910 hanggang 1953 (Papers of Henry Otley Beyer, n.d).

May mga pag-aaral na tumalakay na kay Beyer at sa naging ambag nito sa antropolohiya. Ilan sa mga ito ay ang mga isinulat nina Frank Lynch (1967), Wilhelm Solheim II (1969), Helga E. Jacobson (1969), Alfredo Evangelista (1969) at Charles Kaut (1970). Maging sa kasalukuyan ay pinagtutuonan pa rin ng pansin ang mga pag-aaral na nakapaloob sa koleksyon ni Beyer. Nagsilbing hanguan ito ng mga datos upang muling pag-aralan ang kultura at tradisyong mayroon ang Pilipinas. Ilan sa mga nakalimbag na pag-aaral ay tungkol sa sinaunang hanapbuhay ng mga taga-Batangas (Resurreccion, 2022), pagsasaling-bayan at pag-aanotasyon ng mga natipong pag-aaral tungkol sa Marikina (Santos at Tugano, 2022), ang pagsulat sa kasaysayan ng Marinduque batay sa "silencescape" (Bolata, 2022) at ang mga unang pag-aaral hinggil sa isla ng Samar (Liwanag et. al, 2023).

Sa mga nabasang pag-aaral na may kaugnayan sa koleksyon ni Beyer, makikita ang pagtatangkang maipakilala at mailarawan ang lokal (Batangas, Marikina, Samar at Marinduque) ng pag-aaral batay sa mga manuskritong nakapaloob sa nasabing sinupan. Sa mga nabanggit, wala pang nabuong pag-aaral tungkol sa mayamang kultura at tradisyon ng Pampanga. Kaya't tinangka ng kasalukuyang pag-aaral na tingnan muli at galugarin ang koleksyong ito upang matipon, maitala, masuri at mailarawan ang gawi at paniniwala ng mga katutubong Kapampangan batay sa mga makakalap na manuskrito upang maiwasan ang tuluyang pagkabura at maipakilalang muli ang mga kultural at tradisyunal na kasanayan lalo na sa mga kabataang kabilang sa kasalukuyang henerasyon.

Metodolohiya

Binuo ang arkibong pananaliksik na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga manuskrito na nakatuon sa mga gawi at paniniwala ng mga Kapampangan na nakapaloob sa koleksyon ni Henry Otley Beyer sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas. Sa paghahanap ng nasabing sinupan, nasumpungan ang digital na bersyon nito sa www.nlpdl.nlp.gov.ph na pinaghanguan ng mga kinakailangang datos nang maisakatuparan ang pangunahing layunin ng pag-aaral na matipon, maitala, masuri at mailarawan ang gawi at paniniwala ng mga Katutubong Kapampangan.

Nagsilbing hamon ang pagkuha sa mga na-scan na pahina sa kadahilanang hindi lahat ay aksesibol at ang ibang manuskrito naman ay may kalabuan. Gayun pa man, sinubukan pa ring kunin ang mga ito at ayusin ang *settings* tulad ng *contrast, brightness at sharpness* sa mga aplikasyong *photoshop*, *remini at clearscanner*. May mga pahinang naiayos at mayroon din namang hindi na tuluyang naisalba at nasuri pa. Pinagbatayan ng mananaliksik ang deskriptibong pamamaraan sa mga natipong gawi at paniniwala. Ito'y pamamaraan na naglalayong ilarawan ang mga katangian ng paksang sinisiyasat. Sa siyentipikong pagtatanong, ito ay nagsisilbing pundasyon para sa mga mananaliksik na naglalayong obserbahan, itala, at suriin ang mga detalye ng isang partikular na paksa. Ang paraang ito ay nagbibigay ng mayaman at detalyadong impormasyon na makatutulong sa pag-unawa, pagkakategorya, at pagbibigay-kahulugan sa paksa (Singh, 2024). Batay naman kina Liwanag at Chua (2022), isang positibistang paglantad hinggil sa mga paksang pinag-aaralan ang deskriptibong pag-aaral. Malimit mang tingnan ito bilang mababaw na pamamaraan dahil sa diumanong kawalan ng kahalagahan at malabnaw na pagsusuri, nagiging makabuluhan pa ring gamitin ang pag-aaral na ito lalo na sa mga paksang hindi pa gaanong sinisiyasat.

Sa paggalugad ng sinupan, na nagsilbing primaryang hanguan ng mga datos, natuklasan ang 149 na manuskrito na tumalakay sa lalawigan ng Pampanga. Kinategorya ang mga manuskritong ito at hiniwalay ang mga nakalap na papel na nagbigay pokus sa mga gawi at paniniwala ng mga Kapampangan. Inilatag sa resulta at diskusyon ang kabuoan ng mga nakalap na pag-aaral at inilarawan ang mga tema at diskursong nakapaloob sa mga gawi at paniniwalang Kapampangan na natuklasan.

Resulta at Diskusyon

Natuklasan ang mahigit tatlong libong pag-aaral sa koleksyon ni Beyer na tumalakay sa iba't ibang paksain na makikita sa Pilipinas at isa sa mga tinalakay ay ang lalawigan ng Pampanga. Makikita sa bahaging apendise ang Talahanayan 6 na naglalaman ng mga manuskritong may kaugnayan sa gawi at paniniwala ng mga Kapampangan na hindi naging aksesibol at sa Talahanayan 7 naman makikita ang kabuoang talaan ng mga pag–aaral tungkol sa lalawigan ng Pampanga.

Nagsilbing hanguan ng pag-aaral ang 24 na manuskritong aksesibol at mababasa mula sa mga na-scan na pahina. Bagamat may bahaging

malalabo ay naaninag naman ang nakasulat dito dahil na rin sa ginawang paglalaro sa setting ng mga larawan sa mga digital na aplikasyong *photoshop, remini at clearscanner*. Tatlo sa mga pag-aaral ang napabilang sa koleksiyon ng Pampanga ngunit tumatalakay naman sa lalawigan ng Tarlac. Bagamat ang A*ncient Customs and Beliefs Still Prevalent among the Pampangans of Tarlak Province* na isinulat ni Benjamin Barerra noong 1922 ay tumatalakay sa Tarlac, kinonsidera pa rin ito dahil binigyang pokus ang mga Kapampangan na naninirahan sa lalawigan ng Tarlac.

Kung babalikan ang kasaysayan, makikita na bago pa man mabuo ang lalawigan ng Tarlac, ang bahaging timog nito ay sakop pa ng Pampanga at ang hilaga naman ay sakop ng Pangasinan. Maging sa kasalukuyan, mahigit sa kalahati ng populasyon ay mga Kapampangan at ang natitira naman ay mga Ilokano. Batay sa mga tala, Abril 30, 1858 noong ipinag-utos nang noo'y hari ng Espanya ang paglikha ng *Commandancia de Tarlac*. Binigyang linaw ni Com. Dizon na ang probinsya ng Tarlac ay naitatag noong Mayo 28, 1873 ng Gobernador Heneral Juan Alaminos y Vivar at hindi noong 1874 (Calayag, 2023). Ibig sabihin, kahit tuluyang hiniwalay ito mula sa dalawang kalapit na lalawigan, masasabing nanatili pa rin sa mga indibidwal na naninirahan doon ang kultura at tradisyong nakasanayan mula sa Pangasinan at Pampanga. Mula rito, makikita ang naging ugnayan ng Tarlac sa Pampanga kaya't hindi na nakapagtataka kung bakit may mga pag-aaral na nakapaloob sa sinupan ni Beyer ang tungkol sa mga gawi at paniniwala ng mga Kapampangan bagamat ang lokal ng pag-aaral ay sa Tarlac.

Paglalahad sa mga gawi at paniniwala ng mga Kapampangan batay sa koleksyon ni Beyer.

Inilahad sa seksyong ito ang pagsusuri at paglalarawan sa mga natipong gawi at paniniwala ng mga Kapampangan tungkol sa Kababalaghan at Katatakutan, Kamatayan, Kabuhayan, Pananampalataya, at Pagpapamilya.

Kababalaghan at Katatakutan

Makikita sa Talahanayan 1 ang walong nakalap na manuskritong tumatalakay sa mga gawi at paniniwala ng mga Kapampangan tungkol sa kababalaghan at katatakutan.

Talahanayan 1. Kalipunan ng mga Manuskrito sa Sinupan ni Henry Otley Beyer Tungkol sa Gawi at Paniniwala ng mga Kapampangan tungkol sa Kababalaghan at Katatakutan

	Pamagat	Awtor	Taon
1	Some Superstitious Beliefs Among the Pampangans	Bulaon, Julian	1915
2	Cures for Witchcraft	Sicat, Eugenio B.	1916
3	Pampanga Beliefs and Superstitions	Cruz, Cornelio C.	1916
4	Pampangan Ghost	Macaraig, Serafin	1916
5	Beliefs and Stories from Mabalacat	Mendoza, Valentin D.	1917
6	Superstitions in Pampanga	Nicdao, Alfredo	1917
7	Pampangan Beliefs, Proverbs and Maxims	Sicat, Eugenio B.	1917
8	General Beliefs in San Simon,Pampanga.	Santos, Bernardino P.	1924

Binigyang pagpapakahulugan ang salitang kababalaghan bilang mga kagila-gilalas na pangyayari na hindi abot ng isip at kakayahan ng tao habang ang katatakutan naman na nagmula sa salitang-ugat na takot ay tumutukoy sa hindi kanais-nais na damdamin sanhi ng paniniwala na ang isang bagay o tao ay mapanganib. Kapag pagbabatayan naman ang sikolohiya, ayon kay Cervantes (2024), tinalakay ni Enriquez na sa ilalim ng kababalaghan, pinag-uusapan ang a) kababalaghan sa katutubong panggagamot, b) panggagamot batay sa paniniwala, c) kataka-takang gamit ng puting bato, d) pagsapi ng espiritu, e) lamang-lupa, f) kulam at usog, at g) anti-anting, mutya at gayuma. Ang mga bagay na ito'y kapansin-pansin sa mga natuklasang gawi at paniniwala ng mga Kapampangan. Makikita ang kanilang paniniwala sa mga bagay na hindi nakikita ng pangkaraniwang mata at hindi pa napatutunayan dahil sa kawalan ng sapat na basehan.

Batay sa mga manuskritong nakalap, mapag-aalaman na karaniwan sa mga katutubong Kapampangan ang pagbigkas ng *"makilabas kepu"* (makikiraan po) upang maiwasang makapanakit ng

mga espiritu. Pinaniniwalaang ginagawa ito upang makaiwas sa galit ng mga hindi nakikitang nilalang. Isa sa kinatatakutan ng mga Kapampangan ay ang *Kapre*, mga malalaki at maiitim na nilalang na may sampu hanggang labinlimang talampakan. Madalas makita ang mga ito tuwing gabi sa ilalim ng mga malalaking puno o sa mga abandonadong bahay na may layuning manakot ng mga taong maaaring makakita sa kanya. Kung laki ang pag-uusapan, may tinatawag ding *Tikbalang* na inilarawan ng mga katutubo na kalahating tao at kalahating hayop na wangis ng isang kabayo at may taas na hanggang sampung talampakan.

Kabaligtaran naman ng Kapre at Tikbalang ang mga *Duende*. Batay sa mga manuskrito, ito'y itim na anino ng mga maliliit na nilalang. Ikinatutuwa nila ang pagliligaw sa mga manlalakbay upang hindi makarating sa lugar na kanilang pinupuntahan at ayon sa mga katutubo, upang maiwasan ang pagkaligaw, pinaniniwalaan na kinakailangang baligtarin ang damit upang makita ang tamang daraanan. Sinasabi ring mabilis mahulog ang damdamin nito sa mga kababaihan. Hindi nila ititigil ang paggambala hangga't hindi binibigkas ng babaeng kanyang napupusuan ang salitang *"Mahal kita"*. Kapalit naman nito ang pagtupad sa ano mang kahilingan sa kanya. Sa pangkalahatan, masasabing mababait ang mga dwende, bagaman kung magalit ay maaaring maghiganti sa pamamagitan ng pagpapasakit at pagkamatay. Pinaniniwalaan ng mga katutubo na ang pag-aalay ng pagkain ay nakatutulong upang maiwasan ang kanilang panggugulo.

May paniniwala rin ang mga Kapampangan na iisa lamang ang duende at *tiyanak* at ito'y mga maliliit at matatandang lalaki na naninirahan sa kagubatan o sa masukal na kakahuyan. Ngunit may iilan din na nagsasabing ito'y mga sanggol na namatay nang hindi nabibinyagan o intensyunal na pinatay at naghahanap ng katarungan kaya't nagpapakita o nagpaparamdam sa mga tao. Tulad ng mga ito ang tinatawag na *maglalague* na sinasabing may naiwan pang misyon sa lupa. Kadalasan, ito'y kaluluwa ng mga indibidwal na pinatay at hindi nakamit ang hustisya kaya't gustong makapaghiganti sa mga taong lumapastangan sa kanila. Bilang karagdagan, pinaniniwalaan din ng mga katutubo na may mga pagkakataon na ito'y kaluluwa ng mga taong may naiwan na kayamanan na nakabaon pa sa lupa at nais ipakita sa kanilang pamilya o kamag-anak upang mapakinabangan.

Kung ang mga unang nabanggit ay mailap sa mata ng mga pangkaraniwang tao, ang mga susunod na ilalahad, na hango pa rin sa mga manuskritong natipon, ay maaaring pisikal na makaharap ng isang indibidwal. Isa rito ang *mangkukulam* na may gamit na manika at karayom sa kanilang ritwal na nakapagdudulot ng malubhang karamdaman sa taong kanilang pinaglalaruan. Pinaniniwalaan ng mga Kapampangan na ang langis na inilalagay sa kanilang kilikili ang ginagamit sa kanilang paglipad upang mapuntahan ang kanilang pinuno na tinatawag na *Kusim*. Maliban dito, may tinatawag ding *magcucusino* ang mga Kapampangan na sinasabing hawig din ng mangkukulam ngunit may kakayahang pahirapan ang isang indibidwal kahit ito'y malayo pa sa kanya. Kaya raw nitong maglagay ng isang buhay na manok, mga iba't ibang bagay na gawa sa bakal, o maging lason sa loob ng katawan ng kanyang pinahihirapan.

Naniniwala rin ang mga katutubo sa mga *asuang* na sinasabing nag-aanyong tao rin. Para sa mga Kapampangan, ang mga ito ay may mga pakpak at kakayahang magpalit ng anyo upang makapanlinlang ng mga indibidwal. Madalas na tinatarget nitong kainin ang mga bagong panganak na sanggol o di naman kaya ang mga nasa sinapupunan pa lamang. Pinaniniwalaang sila'y humuhukay din ng mga bagong libing na bangkay upang kunin ang atay ng mga ito. Kahawig ng mga asuang ang *magcucutud* na may kakayahang lumipad sa pamamagitan ng isang sagradong langis. Ang mga *nuno* naman ay pinaniniwalaan ng mga Kapampangan na matatandang babae na naninirahan sa tinatawag na punso na makikita sa mga masusukal na kakahuyan.

Kamatayan

Ilan sa mga nakalap na gawi at paniniwala ng mga Kapampangan tungkol sa kamatayan ay ilalahad sa bahaging ito. Makikita sa Talahanayan 2 ang mga naitalang 15 manuskrito na nagsilbing hanguan sa paglalarawan ng temang ito.

Talahanayan 2. Kalipunan ng mga Manuskrito sa Sinupan ni Henry Otley Beyer Tungkol sa Gawi at Paniniwala ng mga Kapampangan tungkol sa Kamatayan

	Pamagat	Awtor	Taon
1	Cures for Witchcraft	Sicat, Eugenio B.	1916
2	Customs People of San Luis Concerning Their Dead and Their Belief about the Soul	Punsalan Vicente J.	1917
3	Pampangan Beliefs and Legends	Nicdao, Alfredo	1917
4	Pampangan Beliefs, Proverbs and Maxims	Sicat, Eugenio B.	1917
5	Social Functions in Mexico	Santos, Demetria	1917
6	Superstitions in Pampanga	Nicdao, Alfredo	1917
7	Superstitious Beliefs of the people of apalit	Galang, Ricardo	1917
8	Religious Beliefs in Connection With the Dead	Santos, Demetria	1918
9	Beliefs and Tradition in Angeles,Pampanga	Tayag, Antonia	1924
10	General beliefs in San Simon, Pampanga	Santos, Bernardino P.	1924
11	The Social Life of the Pampangans In and Around Arayat; and Some Local Rules of Etiquette	Alejandrino, Concepcion D.	1924
12	Additional Beliefs in my Community	Juco, Maxima	1925
13	Death and Burial customs in Lubao	Vitug, Vicente M.	1925
14	Some Beliefs in San Simon	Santos, Bernardino P.	1925
15	Social Customs in Apalit Pampanga	Galang, Pacencia K.	1927

Isa sa pinaniniwalaan ng mga Kapampangan na ang numero o bilang na 13 ay nakapagdudulot ng kamalasan sa buhay ng isang indibidwal. Kaugnay nito, sinasabing ang pag-upo sa mesa ng 13 katao upang kumain ay magdudulot ng kasawian o kamatayan sa isang indibidwal na naroon. Maliban dito, sinasabing maaaring makapagdulot din ng kapahamakan o kamatayan ang pag-alis sa tahanan ng isang indibidwal habang nakahapag ang pagkain sa mesa o habang may kumakain. Upang maiwasan ang ganitong mga pangitain, pinaniniwalaan ng mga katutubo na kinakailangang paikutin o igalaw ang mga plato sa mesa upang mapigilan ang kasawiang maaaring maranasan ng taong aalis sa tahanan.

May mga gawi at paniniwala rin ang mga Kapampangan tungkol sa kamatayan na nakaugnay sa pagsapit naman ng hating-gabi. Ipinagbabawal ng mga nakatatanda ang pagsusuklay ng buhok ng mga bata dahil ito'y pinaniniwalaang magdudulot ng maagang pagpanaw ng kanilang mga magulang. Sinasabi ring ang pagkalagas ng mga ngipin sa panaginip ay nangangahulugang kamatayan kaya't ipinapayo ng mga nakatatandang Kapampangan na ikuwento at ipagkalat sa iba ang napanaginipan upang mapigilan ito at hindi na mangyari pa. Pinaniniwalaan din na kalimitang nagpapakita ang tagasundo ng mga kaluluwa sa gabi at ito'y malinaw na nakikita ng mga hayop partikular na ang mga alagang aso kaya't ang alulong ng mga ito ay kinatatakutan din. Ipinagpapalagay ng mga katutubo na ito'y sumisimbolo sa kamatayan ng kapitbahay o ng mga malalapit nilang kamag-anak.

Nakita rin ang pagpapahalaga ng mga Kapampangan para sa mga kamag-anak na malapit nang mamatay. Nakaugalian na ng mga katutubo ang pagbabasa sa kanila ng mga naranasang paghihirap ni Kristo sa paniniwalang magiging payapa ang kanilang nararamdaman at maluwag na tanggapin ang kanilang kamatayan. Maliban pa rito, kinakailangan din nilang magkumpisal upang hindi na maghirap pa sa kabilang buhay. Kasabay nito ay ang pagsindi ng kandila sa kanilang tabi sa paniniwalang mabibigyang liwanag ang daang tatahakin sa kanilang paglalakbay tungo sa kaharian ng Diyos.

May mga bagay na ring nakasanayang gawin ang mga Kapampangan para sa kanilang mga yumao. Ilan dito ay ang paglalagay ng barya sa mata ng namatay lalo na kung ito ay nakadilat. Nagsasabit din sa bintana ng itim na dekorasyon o tela kung matanda ang namatay at puti naman kung ito

ay bata. Naglalaan din ng panahon ang pamilya o malalapit na kamag-anak ng namatay upang bantayan ang labi nito sa lamay sa paniniwalang kukunin ito ng mga asuang kung iiwanan lamang mag-isa. Marahil ay may kaugnayan ito sa nabanggit sa itaas tungkol sa mga asuang na naghuhukay ng mga bagong libing na indibidwal upang makain ang kanilang mga atay. Iniiwasan din ng mga Kapampangan na mapatakan ng luha ang salamin ng kabaong sa paniniwalang makapagdudulot ito ng paghihirap sa kaluluwa ng namatay. Maliban pa rito, ipinagbabawal din ang pagligo ng mga nagbabantay sa lamay at pagwalis ng mga kalat. Para naman sa mga makikipaglibing, kinakailangang magsuot ng itim na damit at pinagbabawalang tingnan ang nitso habang inililibing ang yumao sa paniniwalang may susunod pang mamamatay kapag tiningnan ito.

Ayon pa sa mga nakatatanda, muling magbabalik sa lupa ang kululuwa ng yumao sa pangatlong araw mula nang siya'y mamatay. Ito ang kanyang panahon upang bisitahin sa huling pagkakataon ang kanyang mahal sa buhay at gawin ang mga bagay na hindi pa niya nagagawa. Kung may naitatagong yaman, panahon ito upang sabihin sa kanyang pamilya nang mapakinabangan ang mga ito at hindi lamang nakabaon sa lupa o nakatago kung saan man. Sa pagkakataon naman na ito ay namatay nang biglaan at may kagalit, dadalawin niya ang taong ito upang humingi ng kapatawaran. Kapag marami namang nagawang kasalanan ang yumao, mananatili ang kanyang kaluluwa sa lugar kung saan siya namatay at magdudulot ito ng katatakutan. Masasabing may kaugnayan din ito sa mga nilalang na nagpaparamdam at nagdudulot ng kababalaghan at katatakutan na nabanggit na sa naunang ipinaliwanag na tema.

Upang maiwasan ang ganitong pangyayari nakagawian na ng mga Kapampangan ang pag-aalay ng dasal para sa kaluluwa ng yumao. Kung ang namatay ay may kaya sa buhay (mayaman), kinakailangang magkaroon ng *"pasiam"*, ito ay pagdarasal sa pangsiyam na gabi ng kanyang kamatayan. Kung siya naman ay walang kaya sa buhay (mahirap), kinakailangang magdaos ng *"uacas"* o *"atluan"* ang mga kamag-anak nito, ito ay pagdarasal sa kaluluwa ng namatay na ginagawa sa pangatlong gabi ng kanyang kamatayan. Pagkatapos ng isang taon, muling mag-aalay ng dasal ang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan ng yumao at ito ay tinatawag na *"lukasan"*. Lahat ng mga paniniwalang ito ay ginagawa kasabay ng pagbabasbas ng pari upang matiyak na maitaas ang kaluluwa ng yumao sa kalangitan.

Sa usapin pa rin ng kaluluwa, naniniwala ang mga Kapampangan na nagsisilbing gabay ang mga ito sa kanilang mahal sa buhay. Sinasabi ng mga katutubo na ang kaluluwa ng isang yumao ay nagbabantay pa rin sa kanyang asawa habang hindi pa ito nakakikita ng ibang makakasama sa buhay. Kaya naman upang malaman ang magiging kapalaran ng mga naiwanan, nakaugalian na ng mga katutubo na ang balo ay pinauupo sa lugar na kung saan ay agad makikita ang mga bumibisita sa lamay. Kapag babae ang unang nakita ng babaeng balo ay hindi na ito muling mag-aasawa pa. Ganun din kapag lalake ang unang nakita ng lalaking balo.

Kabuhayan

Natuklasan sa mga nakalap pag-aaral na nakaugnay ang pagdedesisyon ng mga Kapampangan sa mga bagay na maaaring magdulot sa kanila ng swerte. Inilahad sa Talahanayan 3 ang limang nakalap na manuskrito mula sa sinupan ni Beyer tungkol sa mga pamahiing may kaugnayan sa kabuhayan ng mga Kapampangan.

Talahanayan 3. Kalipunan ng mga Manuskrito sa Sinupan ni Henry Otley Beyer Tungkol sa Gawi at Paniniwala ng mga Kapampangan tungkol sa Kabuhayan

	Pamagat	Awtor	Taon
1	Superstitions in Pampanga	Nicdao, Alfredo	1917
2	Beliefs and Tradition in Angeles, Pampanga	Tayag, Antonia	1924
3	General beliefs in San Simon, Pampanga	Santos, Bernardino P.	1924
4	Customary Laws in Bauang, La Union and San Fernando, Pampanga	Mejia, Felicisma P.	1927
5	Social Customs in Apalit Pampanga	Galang, Paciencia K.	1927

Pinaniniwalaan ng mga Kapampangan na ang *ahas na sawa* na namamahay sa isang tahanan ay nagpapahiwatig ng kayamanan, kaya iniiwasan ang pagpatay ng mga ito sa paniniwalang katumbas nito ng pagtataboy sa swerte. Maging ang itlog ng tagak ay itinatago rin ng mga katutubong Kapampangan, ito'y kanilang inilalagay sa ligtas na lugar at inaalagaan sa paniniwalang makapagdadala ito ng yaman o swerte sa kanila. Isa pa ay ang pagligo nang maaga sa ilog, sinasabing ang daloy ng tubig sa umaga ay makatutulong upang makaakit ng swerte.

Sa takot ng mga Kapampangan na makaranas ng paghihirap sa buhay, mahigpit na ipinagbabawal ng mga katutubo ang paglalagay o pagpatong ng pera sa mesa at paghulog ng mga butil ng kanin habang kumakain dahil ito'y pinaniniwalaan na sumisimbolo sa kahirapan. Nagtalaga rin ang mga katutubo ng isang tiyak na pwesto ng hagdanan at hindi ito inihaharap sa kanluran sa pangambang magdudulot ito ng kahirapan sa mga taong maninirahan doon. Maging ang butiki ay hindi nakaligtas sa mata ng mga katutubo, pinaniniwalaan nila na ito'y sumisimbolo ng kamalasan.

Ang mga magsasakang Kapampangan naman ay may sinusunod din pagdating sa kanilang pagtatanim. Isang senyales na kanilang tinitingnan upang matiyak na masagana ang kanilang pag-aani ay ang ulan. Pinaniniwalaan na kapag umulan ng ika-24 ng Hunyo, walang duda na magiging masagana ang kanilang anihan. Marahil ay may kaugnayan ito sa pagdiriwang sa pista ni San Juan Bautista na pinaniniwalaang ang panahon ng basaan ay nagdudulot ng mga pagpapala. Nakaugalian na rin ng mga katutubo na ipagbawal ang pagpapalipad ng mga saranggola sa araw ng kanilang pag-aani upang maiwasan ang kanilang pagkalugi. Pinaniniwalaan ng mga katutubo na inililipad ng saranggola ang swerte para sa kanilang mga pananim. Sa may sagingan naman, ipinapaalala na habang itinatanim ang halaman ng saging ay tumingala paminsan-minsan sa kalangitan upang mapabilis ang pagtubo at pamumunga nito.

Pananampalataya

Maliban sa paniniwala sa swerte, isa pang pinanghuhugutan ng lakas ng mga Kapampangan ay ang kanilang pananampalataya. Karamihan sa kanilang mga gawi at paniniwala ay may malaking kaugnayan sa mga pagpapalang ibinibigay ng Panginoon. Makikita sa Talahanayan 4 ang siyam na manuskritong nakalap mula sa sinupan ni Beyer at naging batayan sa paglalarawan ng mga gawi at paniniwalang Kapampangan na may kaugnayan sa pananampalataya.

Talahanayan 4. Kalipunan ng mga Manuskrito sa Sinupan ni Henry Otley Beyer Tungkol sa Gawi at Paniniwala ng mga Kapampangan tungkol sa Pananampalataya

	Pamagat	Awtor	Taon
1	Customs People of San Luis Concerning Their Dead and Their Belief about the Soul	Punsalan Vicente J.	1917
2	Pampangan Beliefs, Proverbs and Maxims	Sicat, Eugenio B.	1917
3	Social Functions in Mexico	Santos, Demetria	1917
4	Superstitions in Pampanga	Nicdao, Alfredo	1917
5	The Social Life of the Pampangans In and Around Arayat; and Some Local Rules of Etiquette	Alejandrino, Concepcion D.	1924
6	Additional Beliefs in my Community	Juco, Maxima	1925
7	Death and Burial customs in Lubao	Vitug, Vicente M.	1925
8	Customary Laws in Bauang, La Union and San Fernando, Pampanga	Mejia, Felicisma P.	1927
9	Barrio and Town Fiestas in Pampanga Province	Tablante, Francisco	1935

Sinasabing ang pagdarasal bago't pagkatapos kumain ay kabilang sa mga kaugaliang ipinapasa ng mga Kapampangan sa bawat henerasyon. Ayon sa kanila, ito'y pagbabalik ng papuri at pasasalamat sa Panginoon sa isang masaganang hapag-kainan na kanilang pinagsasaluhan. Ang pag-aantanda (paggawa sa simbolo ng krus) bago matulog ay hindi kinakalimutan bilang pagtataboy sa mga masasamang espiritu na maaaring gumambala sa kanilang pagtulog. Bukod dito, ang paglilitanya ay nakaugalian na ng mga nakatatanda lalo na kung may sakuna na kasalukuyang nararanasan o maaaring parating pa lamang gaya ng lindol o bagyo.

Ang pag-aayuno naman para sa mga Kapampangan ay sinisimulan sa paniniwalang ito ay makatutulong upang mapagaan ang paghihirap na naranasan ni Kristo at kasabay nito'y maramdaman ang kanyang tiniis na sakripisyo upang mailigtas ang mga indibidwal sa kanilang mga kasalanan. Maging ang paghampas at pagsugat sa sarili na tinatawag na "magdarame" ay kanilang ginagawa upang mabawasan o mapatawad ang kanilang mga nagawang kasalanan. Ang ibang nakatatanda nama'y nagbabasa ng pasyon bilang pag-alala sa buhay ni Kristo at sa pagpapalagay na ito'y makapagdudulot ng swerte para sa kanila. Nakaugalian na rin ang pagdadala ng dahon ng palaspas sa simbahan kasabay ang pagdiriwang ng linggo ng palaspas upang mabendisyunan ito ng pari. Pagkatapos ng pagdiriwang ay isinasabit ito ng mga Kapampangan sa kanilang tahanan upang maging proteksyon laban sa kulog at kidlat. Sa pagsapit ng muling pagkabuhay, ang pinakahuling araw ng pagdiriwang sa Mahal na Araw, nakaugalian na ang pagtalon ng mga bata hanggang sa taas na kanilang makakaya sa pagpapalagay na ito'y makatutulong sa kanilang pagtangkad. Bukod pa rito, tinitiyak din ng mga katutubo na malagyan ng banal na langis ang mga may sakit sa paniniwalang mababasbasan sila ng Panginoon at gumaling mula sa kanilang karamdaman.

Maliban dito, ipinagdiriwang din ng mga Kapampangan ang araw ng mga santo bilang pagpapasalamat sa mga gabay at biyaya na ipinagkakaloob sa kanila. Isang halimbawa ay ang pagdiriwang sa pista ni San Juan. Nakaugalian na sa pagdiriwang na ito ang basaan sa paniniwalang mas basa, mas magiging masagana ang pamumuhay. Sa araw din na ito ginugupitan ng buhok ang mga kababaihan upang maging maswerte ito sa kanila at mapabilis muli ang paghaba nito. Si *"Apung Iro"* naman na makikita sa Lubao, Pampanga, ang malimit puntahan lalo na ng mga may karamdaman dahil pinaniniwalaang ito'y nagpapagaling ng may sakit gaano man kalala ang kanilang mga karamdaman.

Bahagi na ng tradisyong Kapampangan ang *fiesta* at ang karamiha'y naglalaan ng isang linggo hanggang isang buwang paghahanda para rito at sa araw ng pista'y imbitado ang lahat upang makikain at magdiwang. Sa mga plasa nama'y mapapansin ang mga patimpalak na inorganisa ng mga tagapamuno. Nauso sa panahong ito ang drama, komedya, at awit. Ang gawaing ito ay nagsisilbing pasasalamat ng mga Kapampangan sa lahat ng biyaya na natanggap sa loob ng isang taon.

Bukod sa mga pista, inilalaan din ng mga Kapampangan ang araw ng linggo bilang pagkilala at pasasalamat sa Panginoon. Sinisikap nilang maging presentable sa araw na ito at kung maaari'y magsuot ng bagong damit. Ang damit na kanilang isinuot ay pinaniniwalaang magdadala ng swerte dahil sa basbas ng pari. Pinagbabawal naman ang pagpapanata na magpunta sa mga simbahan na walang kasiguraduhan dahil ang hindi pagtupad sa panata ay makapagdudulot ng kapahamakan sa isang indibidwal.

Ipinagdiriwang din ng mga Kapampangan ang araw ng Pasko. Apat hanggang limang araw bago sumapit ang kapaskuhan, makikita na ang bawat bahay ay nagluluto na nang espesyal na tinapay at magsisilbing regalo para sa mga mahihirap. Sa katunayan, sinasabing apat na araw ang kapaskuhan ng mga Kapampangan. Ang unang araw, ika-25 ng Disyembre ay para sa mga bata. Ang ikalawang araw ay inilalaan para sa mga matatanda. Ang ikatlong araw naman ay para sa mga batang babae at ang ang huling araw ay para sa pagdiriwang ng mga kabataang lalaki.

Pagpapamilya

Itinuturing na isang mahalagang parte ng buhay ang pagbuo ng sariling pamilya at hindi biro ang pagpasok sa ganitong desisyon. Sabi nga'y, "ang pagpapakasal ay hindi mainit na kanin na kapag napaso ka'y iluluwa mo na lang". Nanganak ang kasabihang ito ng mga gawi at paniniwala na nagsilbing gabay upang magkaroon ng isang

masaya at buong pamilya. Makikita sa Talahanayan 5 ang sampung manuskrito na pinaghanguan upang mailarawan ang tema ng pagpapamilya para sa mga Kapampangan.

Talahanayan 5. Kalipunan ng mga Manuskrito sa Sinupan ni Henry Otley Beyer Tungkol sa Gawi at Paniniwala ng mga Kapampangan tungkol sa Pagpapamilya

	Pamagat	Awtor	Taon
1	Social Functions in Mexico	Santos, Demetria	1917
2	Superstitious Beliefs of the People of Apalit	Galang, Ricardo	1917
3	Ancient Customs and Beliefs Still Prevalent among the Pampangans of Tarlak Province	Barrera, Benjamin	1922
4	The Social Life of the Pampangans In and Around Arayat; and Some Local Rules of Etiquette	Alejandrino, Concepcion D.	1924
5	General beliefs in San Simon, Pampanga	Santos, Bernardino P.	1924
6	Customary Laws in Talba, Bacolor, Pampanga	Lopez, Esteban S.	1927
7	Customary Laws in Bauang, La Union and San Fernando, Pampanga	Mejia, Felicisima P.	1927
8	Social Customs in Apalit, Pampanga	Galang, Paciencia K.	1927
9	Report of the Cooperative Relations of Neighbors	Reyes, Ciriaco D.	1927
10	Customs, Traditions, Life and Organizations in Angeles Pampanga	Tablante Francisco	1935

Sa usapin ng pagpapakasal para sa mga Kapampangan, ang lalaki ang pinaniniwalaang dapat gumastos sa lahat ng mga bagay na kinakailangan sa seremonya ng kasal. Nakaugalian na ang paghahandog ng mga regalo sa pamilya ng babae bago pumayag ang magulang nito. Sa seremonya ng kasal, iniiwasan ng mga nakatatanda ang pagsayad ng belo sa sahig dahil sa paniniwalang ito'y magdudulot nang paghihirap sa buhay ng mag-asawa at idagdag pa ang pagkahulog ng aras na sumisimbolo naman sa kamatayan. Pagkatapos ng seremonya, unang lalabas ang babae sa pintuan ng simbahan at unang papasok sa pintuan ng kanilang bahay. Ang gawaing ito ay pinaniniwalaan na hindi magiging alipin ang babae ng kanyang asawa.

Sa panahong magbuntis ang babae, pinag-iingat siya sa kanyang kinakain dahil pinaniniwalaan ng mga nakatatanda na ang magiging hitsura ng bata ay nakadepende sa pinaglilihian nito. Kapag nais ng mag-asawa na magkaroon ng kambal na anak, ang pagkain ng kambal na saging ang sinasabing kasagutan dito. Upang maging malusog naman ang bata, ipinagbabawal sa mga lalaki ang pagpatay ng ahas dahil pinaniniwalaang magiging mahina ang sanggol na maipapanganak. Kung nais namang malaman ang bilang ng magiging supling ng mag-asawa, tinitignan ng manghihilot ang inunan ng sanggol at binibilang ang buhol nito. Pagbilang din ng guhit sa hita ang pinagbabatayan sa magiging kasarian ng pangalawang anak. Kapag pareho ang bilang ng guhit, parehas ang magiging kasarian. Ang araw ng Linggo ang pinakasuwerteng araw ng panganganak at ang mga batang naipanganak ng madaling araw ay pinaniniwalaang matatapang.

Sa pagluwal ng sanggol, malimit na ipagdasal ng karamihan na maging lalaki ang panganay na anak sa paniniwalang ang babae ay magdudulot ng kamalasan. Magkagayon man, makikita pa rin ang pag-aaruga ng mga magulang kahit pa nagkataong babae ang kanilang naging panganay. Sa okasyon ng pagbibinyag, ang pagbibigay ng pera ng mga malalapit na kamag-anak at kaibigan sa pamilya ay nagsisilbing malaking tulong sa mag-asawa. Ang mga ninong at ninang ng bata ay naglalagay ng pera sa ilalim ng unan nito nang hindi nakikita ng kanyang mga magulang.

Sa paglaki ng bata, iniiwasan ng mga Kapampangan na maisubo nito ang suklay sa paniniwalang

magdudulot ito ng pananakit ng kanyang ngipin panghabangbuhay. Sa pagkakataong nahulog ito nang hindi sinasadya, binubuhusan ng tubig ang lugar kung saan nahulog ang bata upang maiwasan ang pananakit ng katawan nito. Kabaligtaran naman ang ginagawan ng mga nakatatanda 'pag may matinding kulog at kidlat, upang mapatigil ang sakuna, sinasadya ang pananakit sa mga bata upang umiyak ang mga ito at marinig ng kalikasan ang kanilang paghihirap. Habang nagkakaedad ang isang bata ay tinuturuan na rin ang mga ito ng magandang asal gaya ng paghalik sa kamay bilang pagrespeto sa mga nakatatanda. Iminumulat na rin ng mga magulang ang pag-iwas na makisabad ang mga kabataan sa usapang pangmatatanda. Itinuturo rin ang konsepto ng pagdadamayan, nakaugalian nang ituring bilang pamilya ang mga kapitbahay sa paniniwalang sila ang unang matatakbuhan sa oras ng kahirapan o pangangailangan.

Konklusyon

Tunay ngang makulay ang kultura at tradisyon ng mga Kapampangan at maaaring masalamin ito sa kanilang mga gawi at paniniwala. Natuklasan sa mga pag-aaral na may mga pamahiin na may kaugnayan sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng isang indibidwal. Nagkaroon ng mga paniniwala patungkol sa mga nilalang na hindi pangkaraniwan na nagdulot ng kababalaghan at katatakutan. Naitala mula sa mga manuskrito ang mga kapre, tikbalang, dwende, tiyanak, maglalague, mangkukulam, magcucusino, asuang, magcucutud at nuno. Pinatutunayan lamang na ang paniniwala sa mga ito ay pagbibigay respeto ng mga nakatatanda sa kanilang kapaligiran at ang pagtingin sa kanilang sarili bilang kapwa naninirahan sa lokalidad kasama ng kalikasan at mga sobrenatural na nilalang (Viccera at Javier, 2013).

Kung titignang mabuti, ang mga ito ay hindi lamang simpleng kuwento na ginagamit bilang panakot sa mga kabataan upang matulog tuwing tanghali o sumunod sa mga bagay na iniuutos ng mga nakatatanda sa kanila (Go, 1979). Masasabing ang mga paniniwala sa mga nilalang na ito ay nanatili bagaman noong dumating ang mga Espanyol at nagsimulang mangaral ng Kristiyanismo, kailangan nilang ipakita na walang katotohanan ang mga ito at ang paniniwala rito'y taliwas sa moralidad (Millington at Maxfield, 1906). Marahil ay nagsisilbing babala at paalala rin ang mga ito na kinakailangan ng pag-iingat lalo na sa pakikisalamuha at pakikitungo sa kapwa.

Sinasabing ang kaluluwa ng mga yumaong kamag-anak ay pinaniniwalaang nananatili pa rin sa mundong ibabaw at kasama ng kanilang kapamilya (Amtalao at Demeterio, 2019). Kaya ang mga gawi at paniniwala tungkol sa kamatayan ay nagsisilbing gabay upang mabigyan ng sapat na pagrespeto ang kaluluwa ng mga yumao at ipaalala na naging bahagi sila sa buhay ng mga taong malalapit sa kanila. Kaugnay ng mga ito ay ang pag-usbong ng takot sa kamatayan bilang ito'y isang pangyayari sa buhay na hindi nagkakaroon ng sapat na kahandaan. Makikita sa mga naitalang gawi at paniniwala na may mga bagay na dapat at hindi dapat gawin kapag buhay na ng isang indibidwal ang nakataya at pinag-uusapan kaya't maging ang mga pang-araw-araw na gawain ay kinakailangan din ng sapat na pag-iingat.

Sa usapin ng Kabuhayan ng mga Kapampangan, ilang mga hayop ang naiugnay dito na pinaniniwalaang nagdudulot ng swerte sa kanila. Ilan sa mga ito ang ahas, tagak at butiki. Maging ang disenyo ng kanilang pamamahay, lalo na ang hagdan, ay napakahalaga sa kanila dahil sa paniniwalang dito nagmumula ang swerte sa kanilang kabuhayan. Bagamat makikita ang paniniwala ng mga Kapampangan sa konsepto ng "swerte", batay sa mga nakalap na manuskrito sa sinupan, mapapansin din na hindi lamang sila umaasa rito. Marahil ay nagiging gabay nila ang mga gawi at paniniwalang ito kasabay ng pagtatrabaho para sa kanilang kabuhayan upang matiyak ang seguridad ng kanilang pamilya.

Mapapansin din ang matinding pananampalataya ng mga Kapampangan sa Panginoon. Nakaugalian na ang pagdarasal bilang pagbabalik papuri sa Diyos sa lahat ng mga biyayang ipinagkaloob sa kanila. Ang pamamanata ng mga Kapampangan tuwing Mahal na Araw ay kitang-kita rin sa mga nailahad na gawi at paniniwala. Sinasabing dumaraan sa iba't-ibang uri ng penitensya ang ilang Kapampangan upang makapagtanghal o di kaya'y maisakatuparan ang kanilang mga panata. Sa pagnanais na itaas ang antas ng kanilang pananampalataya, literal nilang ginagaya ang pasyong dinanas ni Kristo (Fajardo, 2016). Maliban pa sa mahal na araw ay ipinagdiriwang din ang araw ng pista ng kanilang mga patron na pinaniniwalaang nagbibigay gabay at biyaya sa kanila. Isang katangian ng pagiging Pilipino sa kabuoan ang pangangalaga at pagpapanatli ng isang pamilya. Kaya naman para sa mga Kapampangan, makikita na mula sa pagpili ng mapapangasawa hanggang sa pagpapalaki ng kanilang magiging anak ay may mga sinusunod na gawi at paniniwala. Ilan sa mga naitalang gawi at paniniwala tungkol sa pamamanhikan, kasal, pagdadalang-tao, panganganak, pagpapalaki at pagdidisiplina sa bata.

Sa kabuoan, nakita man ang ganitong mga kaugalian ng mga Kapampangan, masasabing wala naman talagang katiyakan ang maaaring maging epekto ng mga gawi at paniniwalang ito bagamat umiral at nanatiling nakaugnay sa buhay ng mga katutubo. Marahil sa paglipas pa nga ng panahon ay matakpan na ang mga ito dahil sa pag-usbong ng siyensya na maaaring makapagpaliwanag sa mga pangyayaring nagaganap sa buhay ng bawat indibidwal. Magkagayunman, mahalaga pa ring maituro ang mga ito lalo na sa mga kabataang kabilang sa bagong henerasyon upang mas makilala ang kanilang pinagmulan. Sabi nga'y hindi naman masama ang pagsabay sa agos ng pagbabago, marapat lamang na huwag kalimutan ang nakaraan dahil dito nahubong ang ating pagkatao.

Rekomendasyon

Bagamat natipon ang mga katutubong gawi at paniniwala ng mga Kapampangan batay sa mga manuskritong nakalap sa sinupan ni Beyer, masasabing hindi lamang ang mga natuklasang ito ang kabilang sa pamahiin ng mga Kapampangan dala na rin na ang pag-aaral na ito'y limitado lamang sa mga nasuring papel na aksesibol sa website ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas. Bagamat malaking tulong ang pagsasadokumento ng mga mag-aaral at kasamahan ni Beyer sa mga gawi at paniniwala, marapat ding ugatin ang pinagmulan ng mga ito upang lalong mapagtibay na umiral nga ito sa pamumuhay ng mga katutubong Kapampangan. Gayun din, maaari pang tingnan ang mga talang ito sa iba pang lente upang mas makapag-ambag pa sa pag-aaral ng lokal na kasaysayan ng Pampanga nang sa kalauna'y makapagpatibay pa sa rehiyonal na pagkakakilanlan ng mga Kapampangan tungo sa pagbuo ng isang nasyonal na identidad ng mga Pilipino.

Sanggunian

Abanilla, Ma. L., Delfinado, C., & Galvez, A. (2018). *ANG PAGTANGAN SA MGA SINAUNANG PAMAHIIN AT KONSEPTO SA SARILING MGA PILING KABATAANG CABUYEÑO SA GITNA NG MODERNISASYON* (Unpublished Thesis). Retrieved from https://www.academia.edu/35258952 .

Amat, A. B. (2020a). Pag-Uugat sa kultura ng pagkakasakit ng mga Taclobanon ng Hilagang Leyte. *International Journal of Research Studies in Education, 9*(3). https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5824

Amat, A. B. (2020b). Superstitions Surrounding Wake and Interment in a Philippine Urban Center. *PalArch's Journal of Archaeology of Egypt/Egyptology, 17*(6), 8239–8246. https://archives.palarch.nl/index.php/jae/article/view/2244/2212

Amtalao, J., & Demeterio, F. (2019). Bogwa: Kultural na Paghuhukay sa Oral na Tradisyong Ifugao/. *MALAY, 31*(2). https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-31/2/7-amtalao.pdf

Bolata , E. J. V. (2022). Marinduque Silencescapes: History and Stories of Local Silence. *BANWAAN, 2*(1), 49–78. https://www.researchgate.net/publication/370800226_Marinduque_Silencescapes_History_and_Stories_of_Local_Silence

Calayag, M. A. D. (2023). NHCP, TSU host Commissioner Dizon's Tarlac Province sesquicentennial lecture. Tarlac State University - The official website of Tarlac State University. https://www.tsu.edu.ph/news/2023-news/nhcp-tsu-host-commissioner-dizon-s-tarlac-province-sesquicentennial-lecture/

Cervantes, C. L. (2024). Philippine parapsychology. *EXPLORE, 20*(3), 411–416. https://doi.org/10.1016/j.explore.2023.10.006

Demeterio, F. P. A. (2009). Ang Balangkas ng Multikulturalismo at ang Pagbubuo ng Bansang Pilipino. *Lumina , 20*(2), 1–21. https://www.ejournals.ph/article.php?id=7268

Dela Cruz, J., & Manarang, O. (2020). Ang Pagbungkal sa Konseptong Relihiyon sa Talasalitaan ni Bergaño bilang Pagtutulay sa Kultura-Pananampalataya ng mga Kapampangan sa Ika-18 Siglo. *Mabini Review, 9*, 33–79. https://philarchive.org/archive/CRUAPS-2

Derain, A. A. N. (2021). May Tiktik sa Bubong. Reading the Regions 2: Philippine Folk and Oral Traditions. Manila: National Commission for Culture and the Arts, and National Committee on Literary Arts, 26-39.

Espada, J. (2019). Pagsusuri ng mga Salitang Kapampangan mula sa Arte dela Lengua Pampanga ni Fray Diego Bergaño na may Kaugnayan sa PAGKAIN. *Mabini Review, 8*, 91–122. https://philpapers.org/archive/ESPPNM.pdf

Evangelista, A. (1969). The Philippines: ARCHAEOLOGY IN THE PHILIPPINES TO 1950. *JSTOR, 12*. https://www.jstor.org/stable/42929065

Ewing, J. F. (1960). Birth customs of the tawsug, compared with those of other Philippine groups. *Anthropological Quarterly, 33*(3), 129. https://doi.org/10.2307/3316508

Fajardo, C. E. M. (2016). Sákit ng Loob at Sakít ng Labas: Isang Pagsilip sa Maikling Kasaysayan at Kontemporanyong Kuwento ng Pagtatanghal ng Tira Bakal sa Lunsod ng

San Fernando, Pampanga (1961-Kasalukuyan). *Saliksik E-Journal, 5*(2). https://www.ejournals.ph/article.php?id=11418

Gambito, J. (2017). Pangpang at Ilug: Ang Saysay ng Bangka sa Prekolonyal na Lipunang Kapampangan Pangpang at Ilug: The Boat and its Signifcance in Precolonial Kapampangan Society. *MALAY, 29*(2). https://ejournals.ph/article.php?id=11539

Go, F. S. (1979). Mothers, maids and the creatures of the night: the persistence of philippine folk religion. *Philippine Quarterly of Culture and Society, 7*, 186–203. https://www.jstor.org/stable/29791640

Jacobson, H. E., & Zamora, M. D. (1969). Studies in Philippine anthropology in honor of H. Otley Beyer. *Pacific Affairs, 42*(3), 388. https://doi.org/10.2307/2753922

Kaut, C. (1970). Dr. H. Otley Beyer: Dean of Philippine Anthropology (a commemorative issue). edited by S. V. D. Rudolf Rahmann and Gerturdes R. Ang. Cebu City, Philippines: The University of San Carlos, series E: Miscellaneous contributions in the Humanities, no. One, 1968. 124 pp. bibliographies, appendixes. $3.25. (distributed by The Cellar Book Shop.). *The Journal of Asian Studies, 29*(3), 742–743. https://doi.org/10.2307/2943311

Larkin, J. A. (1967). The place of local history in Philippine historiography. *Journal of Southeast Asian History, 8*(2), 306–317. https://doi.org/10.1017/s0217781100003963

Liwanag, L. A. L., & Chua, M. C. (2022). Ang Paghiraya sa Bansa ni Don Belong: Pagsusuri ng mga Akda ni Isabelo de los Reyes sa Kanyang Yugto ng Transisyon (1897–1912). *Humanities Diliman, 19*(1), 115–158. https://www.researchgate.net/publication/361580494_Ang_Paghiraya_sa_Bansa_ni_Don_Belong_Pagsusuri_ng_mga_Akda_ni_Isabelo_de_los_Reyes_sa_Kanyang_Yugto_ng_Transisyon_1897-1912

Liwanag, L., Tubigan, P. E., Toring, R., Enaya, M. G., Pedrera, H., & Tan, D. J. (2023). Mga Unang Pag-aaral Hinggil sa Isla ng Samar mula sa Beyer Collection ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas. *Journal of Philippine Local History & Heritage of the National Historical Commission of the Philippines, 9*(1), 29–89.

Lopez, R. M., Raboy, K. L., Mangangot , J. G., & Nale, V. (2015). Pamahiin nila noon, Buhay pa ba ngayon? Pagsusuri sa mga Pamahiing Nananatili mula noon Hanggang Ngayon. *Palawan State University Psychology Society Publications*. https://1715373997.rsc.cdn77.org/wp-content/uploads/2015/11/Pamahiin-PSP-PSU.pdf

Lynch, F. (1967). Henry Otley Beyer 1883-1966. *Philippine Studies, 15*(1). http://www.philippinestudies.net/files/journals/1/articles/887/public/887-3801-1-PB.pdf

Mallari, J. (2009). King Sinukwan Mythology and the Kapampangan Psyche. *COOLABAH, 3*, 227–234. https://doi.org/10.1344/co2009/.3.227-234

Millington, W. H., & Maxfield, B. (1906). Philippine (Visayan) Superstitions. *The Journal of American Folklore, 19*(74), 205-211 .https://www.jstor.org/stable/pdf/534567.pdf

Pampanga. Visit Central Luzon. (n.d.). https://visitcentralluzon.com/provinces/pampanga/

Papers of Henry Otley Beyer. Trove. (n.d.). https://nla.gov.au/nla.obj-347396638/findingaid

Portillo, G. (2022). Pagsipat sa mga Pamahiing Pinoy: Gabay Sa Pagkuha ng Pagsusulit. *International Journal of Research Studies in Education, 11*(10). https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.820

Quito, E. (1993). Ang Pagkaing Kapampangan sa Kulturang Filipino. *MALAY, 11*(1), 49–55. https://ejournals.ph/article.php?id=7797

Ramos, D. P. G. (2018). Sulad: Paghahabi sa Buhay at Sinulat ni Mariano Henson sa Kapookan ng Araling Kapampangan, 1897-1975. *Saliksik E-Journal, 7*(1), 46–71. https://www.ejournals.ph/article.php?id=13717

Resurreccion, A. (2022). Pagsusuri ng Ekonomiya ng Batangas Mula sa Digital na Koleksyon ni Otley Beyer sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas. *Journal of Philippine Local History and Heritage, 8*(2), 5–61.

Santos, M. J., & Tugano, A. C. (2022). Salin at Anotasyon ng mga Dokumento ng H. Otley Beyer Ethnographic Collection Ukol sa Marikina. *Tala Kasaysayan: An Online Journal of History, 5*(2), 39–92. http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/126/89

Singh, S. (2024). What is descriptive research? definition, methods, types and examples. Researcher.Life. https://researcher.life/blog/article/what-is-descriptive-research-definition-methods-types-and-examples/

Solheim II, W. (1969). H. Otley Beyer. *JSTOR, 12,* 1–18. https://www.jstor.org/stable/42929059

Solis, J. (2022). Ang Konsepto Sa Kalluman ng Badjao: Pagsilang Hanggang pagkamatay. *International Journal of Research Studies in Education, 11*(14). https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.b018

Tantingco, R. (2007). Foreword. Vocabulary Of The Kapampangan Language In Spanish And Dictionary Of The Spanish Language In Kapampangan. Holy Angel University Press.

Vicerra, P. M., & Javier, J. (2013). Tabi-tabi po: situating the narrative of supernatural in the context of the Philippines community development. *MANUSYA: Journal of Humanities Regular, 16*(2). http://www.manusya.journals.chula.ac.th/files/essay/Tabi-Tabi_1-13.pdf

Yabut, H. (2013). Apung Mamacalulu: Ang Sto. Entierro ng Pampanga. *DALUMAT E-Journal, 4*(1-2).

Wong, B. J., & Ubaldo, L. R. (2020). Pagsusuring Historiko-Kultural Sa Prekolonyal Na Kaugaliang Reproduktibo Sa Bisayang Rehiyon: Isang Bibliograpikong Sanaysay. https://www.academia.edu/99206803/Pagsusuring_historiko_kultural_sa_prekolonyal_na_kaugaliang_reproduktibo_sa_Bisayang_Rehiyon_Isang_Bibliograpikong_Sanaysay

ZAPANTA-MANLAPAZ, E. (1976). Notes Towards A History of Pampangan Literature. *Philippine Studies, 24*(1), 64–98. http://www.jstor.org/stable/42632309

Apendise

Talahanayan 1. Kalipunan ng mga Manuskrito sa Koleksiyon ni Beyer Tungkol sa Gawi at Paniniwala ng mga Kapampangan na hindi aksesibol

	Pamagat	Awtor	Taon	Nilalaman	Puna
1	Peculiar Customs More or Less Prevalent in Tarlak	Barrera, Jesus G.	1915	?	Nakalagay ito sa koleksiyon patungkol sa Pampanga ngunit ito ay tumatalakay sa lalawigan ng tarlac.
2	Beliefs of the People of San Fernando	Sicat, Eugenio B.	1917	?	Ang unang pahina lamang ang aksesibol
3	Fiesta in Macabebe	Castro, Jacinto A.	1917	?	Ang unang pahina lamang ang aksesibol
4	Superstitious Beliefs Among the Pampangans	Franco, Teodulo D.	1917		Ang unang pahina lamang ang aksesibol
5	Funeral Ceremonies in Apalit	Fernandez,Rafael	1918	?	Hindi Aksesibol ang ikalawang pahina
6	Beliefs in Concepcion, Tarlac.	Gonzales, Godofredo	1924	?	nakalagay ito sa koleksiyon patungkol sa Pampanga ngunit ito ay tumatalakay sa lalawigan ng tarlac.
7	Current Beliefs in My Community.	Juco, Maxima	1924	?	Hindi Aksesibol
8	Current Beliefs in San Luis, Pampanga.	Cunanan, Francisco	1924	?	Hindi Aksesibol
9	Customs and Beliefs in Concepcion.	Gonzales, Godofredo	1925	?	Ang unang pahina lamang ang aksesibol
10	Past and Present Burial Ceremonies among the Pampangans	Gonsales, Leon M.	1925	?	Ang unang pahina lamang ang aksesibol
11	Common Folktales, Customs, and Beliefs in Tarlac, Tarlac.	Catanjal, Augusto C.	1927	?	nakalagay ito sa koleksiyon patungkol sa Pampanga ngunit ito ay tumatalakay sa lalawigan ng tarlac.
12	Customary Laws in Apalit, Pampanga and Tarlac, Tarlac.	Castro, Adolfo	1927	?	Hindi Aksesibol
13	Customary Laws in San Fenando, Pampanga.	Castro, Dominador	1927	?	Hindi Aksesibol
14	Customary Laws in Tondo, Manila.	Carillo, Consuelo	1927	?	Hindi Aksesibol
15	Customary Laws in Apalit, Pampanga and Tarlac, Tarlac.	Castro, Adolfo	1927	?	Hindi Aksesibol
16	Customary Laws in San Fernando, Pampanga	Castro, Dominador	1927	?	Hindi Aksesibol
17	Common Beliefs in Angeles.	Ganson, Jose M.	1930	?	Ang unang pahina lamang ang aksesibol
18	Introduction to the Papers on Pampangan Customary Law	Beyer, Henry O.	1931	?	Hindi Aksesibol

Talahanayan 2. Kalipunan ng mga pag-aaral tungkol sa Pampanga na makikita sa Koleksyon ni Henry Otley Beyer.

Pamagat	Awtor	Taon	Imprint
The Wills of Fernando Malang Balagtas and Andres Mangaya, Together with Certain Documents Relating to Lakandula, the Ruler of Tondo	De Los Reyes, Isabelo	1889	Manila
Letters Relating to Geographic Names in the Province of Pampanga and Tarlak	Christie, Emerson B.	1908	Manila
Notes on the Best Places to Take Physical Measurements in Pampanga Province	Parker, Luther	1913	Manila
Folklore from Angeles, Pampanga.	Tayag, Antonia	1915	Manila
History and Economic Life of Makabebe	Castro, Jacinto A.	1915	Manila
The Legend of Mount Arayat	Arrastia,Justo	1915	Manila
The Mat Industry in the Town of Apalit	Gozum, Patricio C.	1915	Manila
Native Musical Instruments of Pampanga	Feliciano, Adolfo N.	1915	Manila
Pampangan Folklore and Amusements	Quizon, Primo G.	1915	Manila
Pampangan Folktales from Tarlak	Ortega, Ricardo	1915	Manila
Peculiar Customs More or Less Prevalent in Tarlak	Barrera, Jesus G.	1915	Manila
Sinukuan	Gonzales, Leon Ma.	1915	Manila
Sinukuan (A Folklore Story)	Gonsales, Leon M.	1915	Manila
Some Superstitious Beliefs Among the Pampangans	Bulaon, Julian	1915	Manila
The Three Daughters of Sinukuan	de los Reyes, Cipriano	1915	Manila
Sinukuan	Pargas, Dominador	1915	Manila
Sinukuan	Pargas, Dominador	1915	Manila
A Brief History of Pampangan Literature	Guizon, Primo G.	1916	Manila
The Chief Industries of Lubao	Fajardo, Benigno R.	1916	Manila
A Collection of Legends from Pampanga	Naval, Macario G.	1916	Manila
A Collection of Pampangan Legends, Myths and Beliefs	David, Dominador G.	1916	Manila
Cures for Witcheraft	Sicat, Eugenio B.	1916	Manila
Farming in San Luis	Punsalang, Vicente	1916	Manila
The Household Industries of Mexico. Pampanga	Santos, Demetria	1916	Manila
Legends in Candaba	Romero,Andres D.	1916	Manila
The Legends of Angeles	Rusebio, Jose P.	1916	Manila
The Legends of Candaba	Evangelista, Raymunda	1916	Manila
The Legends of Saint Agustin	Mendoza,Valentin D.	1916	Manila
Metal Working in the Town of Apalit	Romero, Casimiro C.	1916	Manila
Origin and Development of the Pampangan Drama	Barrere, Consuelo	1916	Manila

Pampanga Beliefs and Superstitions	Cruz, Cornelio C.	1916	Manila
Pampangan Ghosts	Macaraig, Serafin	1916	Manila
Poetry in Pampanga Province	Carreon, Manuel L.	1916	Manila
Pottery and Pilon-Making in Santo Tomas, Pampanga	Naval, Macario G.	1916	Manila
The Pottery Industry in Apalit	Galang, Ricardo L.	1916	Manila
Reduplication, the Pepet Vowel, Laws of Euphony, and the Interpretation of Affixes in the Pampangan Language	Cruz, Cornelio C.	1916	Manila
Rice Culture in Tarlak Province	Barrera, Jesus G.	1916	Manila
Sinukuan	Nicdao, Alfredo	1916	Manila
The Story of Sinukuan in Pampanga	Franco, Teodulo D.	1916	Manila
The Suan Stories of Pampanga	Roque, Luis N.	1916	Manila
The Wills of Fernando Malang Balagtas and Andres Mangaya, Together with Certain Documents Relating to Lakandula, the Ruler of Tondo	De Los Reyes, Isabelo	1916	Manila
The Story of Mount Arayat	Pascual, Antonino M.	1916	Manila
Beliefs and Stories from Mabalacat	Mendoza, Valentin D.	1917	Manila
Beliefs of the People of San Fernando	Sicat, Eugenio B.	1917	Manila
Customs People of San Luis Concerning Their Dead and Their Belief about the Soul	Punsalang, Vicente J.	1917	Manila
Development and Peculiarities of the Pampangan Language	Bansali, Eustacio M.	1917	Manila
Fiesta in Macabebe	Castro, Jacinto A.	1917	Manila
Harvesting and Threshing of Rice in Pampanga	Mendoza, Valentin D.	1917	Manila
The Legends of Angeles	Briones, Antorina P.	1917	Manila
Local Stories	Castillo, Juato S.	1917	Manila
Mat Weaving in Apalit and Vicinity	Galang, Ricardo L.	1917	Manila
Pampangan Beliefs and Legends	Nicdao, Alfredo	1917	Manila
Pampangan Beliefs and Legends	Nicdao, Alfredo	1917	Manila
Pampangan Beliefs, Proverbs and Maxims	Sicat, Eugenio B.	1917	Manila
Pampangan Folklore	Sicat, Eugenio B.	1917	Manila
Pampangan Folklore	Nicdao, Alfredo	1917	Manila
Pampangan Folklore Stories	David, Dominadaor G.	1917	Manila
Pampangan Legends	Carreon, Manuel L.	1917	Manila
Pampangan Legends	Gonzales, Fausto F.	1917	Manila
Social Functions in Mexico	Santos, Demetria	1917	Manila
Social Life in Lubao	Fajardo, Benigno R.	1917	Manila

Superstitions in Pampanga	Nicdao, Alfredo	1917	Manila
Superstitious Beliefs Among the Pampangans	Franco, Teodulo D.	1917	Manila
Superstitious Beliefs of the People of Apalit	Galang, Ricardo	1917	Manila
The Negritos of Pampanga	Roque, Felicisimo C.	1918	Manila
The Negritos of Pampanga	Lumanlon, Prudencio	1918	Manila
Ethnography of Pampanga	Beyer, H. Otley	1918	Manila
Funeral Ceremonies in Apalit	Fernandez,Rafael	1918	Manila
Pampangan Provebs	Taylor, Hazel Clark	1918	Manila
The Pampangans	Mendoza, Valentin D.	1918	Manila
Religious Beliefs in Connection With the Dead	Santos, Demetria	1918	Manila
The Conjugation of Pampangan Verbs	Punselan, Felix B.	1919	Manila
The Fishing Industry in the Province of Pampanga	Esguerra, Agripino	1919	Manila
Pampangan Beliefs	Pascual, Emilio	1919	Manila
Pampangan Fables and Legends	Punsalan, Felix B.	1919	Manila
Pampangan Folklore and Religious Rites	Esguerra, Agripino	1919	Manila
Pampangan Games and Amusements	Punsalan, Felix B.	1919	Manila
Pampangan Songs	Fernadez, Rafael	1919	Manila
Popular Amusements in the Province of Tarlak	Antonio, Enrique V.	1919	Manila
The Weaving Industry in Pampanga	Punsalan, Felix B.	1919	Manila
Letter to H. Otley Beyer Regarding a Uniquely Ornamented Pampangan House in the Town of Kapas, Tarlak Province	Libby, Ralph	1920	Manila
Pampangan Folklore	Serrano, Pedro	1920	Manila
Pampangan Proverbs	Galang, Ricardo	1920	Manila
The Wills of Fernando Malang Balagtas and Andres Mangaya	Galang, Ricardo E.	1920	Manila
Ancient Customs and Beliefs Still Prevalent among the Pampangans of Tarlak Province	Barrera, Benjamin	1922	Manila
Pampangan Folklore	Beyer, H. Otley	1922	Manila
Ing Mala Ning Bunduk Arayat	Santos, Jose C.	1923	Manila
The Mystery of Mount Arayat	Santos, Jose C.	1923	Manila
Native Lullabies and Songs; Beliefs and Superstitions of the Pampangan People of Tarlak Province	Cabrera, Guadalupe	1923	Manila
Beliefs and Tradition in Angeles, Pampanga.	Tayag, Antonia	1924	Manila
Beliefs in Concepcion, Tarlac.	Gonzales, Godofredo	1924	Manila

Brief History of Sexmoan, Pampanga.	Vicente, Fortunato	1924	Manila
Current Beliefs in My Community.	Juco, Maxima	1924	Manila
Current Beliefs in San Luis, Pampanga.	Cunanan, Francisco	1924	Manila
General Beliefs in San Simon, Pampanga.	Santos, Bernardino P.	1924	Manila
Magic Tales from Pampanga.	Cunanan, Francisco	1924	Manila
The Social Life of the Pampangans In and Around Arayat; and Some Local Rules of Etiquette	Alejandrino, Concepcion D.	1924	Manila
Additional Beliefs in My Community.	Juco, Maxima	1925	Manila
Customs and Beliefs in Concepcion.	Gonzales, Godofredo	1925	Manila
Death and Burial Customs in Lubao.	Vitug, Vicente M.	1925	Manila
Folktales from San Luis, Pampanga	Cunanan, Francisco	1925	Manila
Legends, Superstitions, and Rules of Etiquette in Tarlak.	Catanjal, Augusto C.	1925	Manila
Magic Tales from Concepcion, Tarlac.	Gonzales, Godofredo	1925	Manila
Magic Tales from San Simon.	Santos, Bernardino P.	1925	Manila
Pampangan Folklore.	Juco, Maxima	1925	Manila
Past and Present Burial Ceremonies among the Pampangans	Gonsales, Leon M.	1925	Manila
Some Beliefs in San Simon.	Santos, Bernardino P.	1925	Manila
Some Folktlores from San Luis, Pampanga	Cunanan, Francisco	1925	Manila
Transportation Facilities in Candaba.	Lapus, Carmen O.	1926	Manila
Common Folktales, Customs, and Beliefs in Tarlac, Tarlac.	Catanjal, Augusto C.	1927	Manila
Customary Laws in Apalit, Pampanga and Tarlac, Tarlac.	Castro, Adolfo	1927	Manila
Customary Laws in San Fenando, Pampanga.	Castro, Dominador	1927	Manila
Customary Laws in Talba, Bacolor, Pampanga.	Lopez, Esteban S.	1927	Manila
Customary Laws in Tondo, Manila.	Carillo, Consuelo	1927	Manila
Folklore and Beliefs from Candaba, Pampanga.	Lapuz, Rosario	1927	Manila
Report of the Cooperative Relations of Neighbors.	Reyes, Ciriaco D.	1927	Manila
Customary Laws in Apalit, Pampanga and Tarlac, Tarlac.	Castro, Adolfo	1927	Manila
Customary Laws in Bauang, La Union and San Fernando, Pampanga.	Mejia, Felicisma P.	1927	Manila
Customary Laws in San Fernando, Pampanga	Castro, Dominador	1927	Manila

Customary Laws in Talba, Bacolor, Pampanga	Lopez, Kateban S.	1927	Manila
Pottery in Apalit, Pampanga	Torres, Jose G.	1927	Manila
Social Customs in Apalit Pampanga	Galang, Paciencia K.	1927	Manila
Magic Tales from Angeles, Pampanga.	Tayag, Antonia	1928	Manila
Maria Sinukuan or Maria, the Vanquished.	Lorenso, Roman	1928	Manila
Legends, Fables, and Magic Tales.	Soriano, Jose V.	1929	Manila
Myths, Fables, Legends and Beliefs in Arayat.	Tinio, Jose M.	1929	Manila
Common Beliefs in Angeles.	Ganson, Jose M.	1930	Manila
Description of A Local Fiestas, and Folktales in Victoria, Tarlak.	Maniego, Melchor S.	1930	Manila
Folktales, Local Fiestas, and Customs from Angeles, Pampanga.	Ganzon, Jose M.	1930	Manila
Fables from San Fernando, Pampanga.	Dayrit, Armado	1931	Manila
Introduction to the Papers on Pampangan Customary Law	Beyer, Henry O.	1931	Manila
Papers and Extracts Relating to Customary Law Among the Pampangans	Holleman, F. D.	1931	Manila
Papers and Extracts Relating to Customary Law Among the Pampangans	Holleman, F. D.	1931	Manila
Papers and Extracts Relating to Customary Law Among the Pampangans. Selected from Pampangan Vol. I: Beyer Collection of Manuscript Sources in Philippine Ethnography	Holleman, F. D.	1931	Manila
Terminal Note to the Papers on Pampangan Customary Law.	Beyer, Henry O.	1931	Manila
Folktales from Sta. Rita, Pampanga	Cayoc, Librado D.	1932	Manila
Local Diseases in San Fernando Pampanga	Dayrit, Amanio S.	1933	Manila
Philippine Ethnographic Series Vol. 3 : Pampangan	Beyer, H. Otley	1933	Manila
A Simple Farmer in the Province of Pampanga	Tablante, Francisco G.	1935	Manila
Three Documents Relating to Negrito Slaves in Pampanga		1907-1913	
Ethnography of the Pampangan People	Beyer, H. Otley	1918-1922	Manila
Customary Laws in Bauang, La Union and San Fernando, Pampanga	?	?	?
Barrio and Town Fiestas in Pamapanga Province	Tablante, Francisco	?	?

Customs, Traditions, Life and Organizations in Angeles Pampanga	Tablante, Francisco G.	?	?
Myths, Legends, and Magic Tales from San Fernando, Pampanga	Dayrit, Amando G.	?	?
Pampanga Folklore from San Fernando, Pampanga	Not clear	?	?
A Pampanga Folktale	Castro, Fidel de	?	?
Pampanga Folktales from Angeles Pampanga	Tablante, Francisco G.	?	?